



دار زايد للثقافة الإسلامية  
Zayed House For Islamic Culture

# ANG ARAW NG BIYERNES



zhic.uae @zhic\_uae zhic\_uae zhic

800 555



اتصل على  
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E  
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Katotohanang ang araw ng Biyernes ay pinagpala. Ang araw na ito ang siyang pinakamahalaga at pinakamabuti sa paningin ng Allah. Ang araw na ito ay natatangi at kaaya-aya para sa Allah kaysa sa iba pang mga panahon.

Pinili ng Allah ang araw ng Biyernes bilang katawagan sa isang kabanata ng banal na Koran. Gayunding binanggit ng Propeta Muhammad(saws) ang kahalagahan ng araw na ito, kanyang sinabi: [ Ang pinakamainam na panahon kung saan ang araw ay sumikat ay sa Biyernes, sapagkat sa araw na ito nilikha si Adan, ito rin ang araw na siya ay pinalabas mula sa paraiso, araw na siya ay pinatawad, araw ng kanyang kamatayan at sa araw na ito magaganap ang huling oras ng mundo.] Sahih Abu Dawud (1046)

Kabilang sa pinakamalaking kabutihan ng araw ng Biyernes, ay ang pagpapatawad ng Allah sa mga pagkakasala(minor) para sa silang pinahalagahan ito. Sinabi ng Propeta (saws): [ Ang pagsasagawa ng limang obligadong salah, ang paglilingkod sa Allah sa loob ng dalawang magkasunod na Biyernes at ang pag-aayuno ng dalawang buwan ng Ramadan, ay katiyakang dahilan ng pagpapatawad ng Allah sa lahat ng kasalangan nagawa ng tao sa pagitan nila kapag kanyang tinalikuran ang mga malalaking pagkakasala.] Sahih Muslim (233)

Ang pananalangin ng kapayapaan at pagpapala para sa Propeta Muhammad(saws) ay isang kanais-nais na gawain, lalung-lalo na sa araw ng Biyernes sapagkat ito ay mas kamahal-mahal sa paningin ng Allah. Sinabi ng Propeta(saws):[ Katotohanang ang pinakamabuting araw ay ang Biyernes...kaya't damihan ninyo ang pananalangin sa Allah ng kapayapaan at pagpapala para sa Akin, sapagkat ang mga panalangin ito ay ipinaparating sa akin.] Sahih Ibnu Hibban (910)

Sa araw ng Biyernes ay mayroong oras na kung saan binubuksan ng Allah ang mga pintuan ng kalangitan at Kanyang tinutugunan ang mga panalangin. Sinabi ng Propeta(saws): [Mayroong oras sa araw ng Biyernes, na kung saan walang lingkod na muslim na nagsagawa ng salah at nanalangin sa Allah, maliban na lamang na ito ay tutugunan Niya. (kanyang ipinahiwatig na maikli lamang ang oras nito)] Sahih Bukhari (935)

Isa sa mga gawaing kanais-nais sa gabi ng Biyernes ay ang pagbabasa ng Surah Al-Kahf (Ang kabanata ng Kuweba). Isinalaysay ni Abu Saeed Al-Khudri(ra) na sinabi ng Sugo(saw): [Sinuman ang nagbasa ng Surah Al-kahf(kabanata ng Kuweba) sa araw ng Biyernes, ay magkakaroon ng liwanag mula sa Allah sa pagitan ng dalawang biyernes.] Sahih Al-Jami' (6470)

Gayunding ang araw ng Biyernes ay nakakahigit kaysa sa ibang araw, sapagkat ang mga mabubuting gawain sa araw na ito ay mas higit ang kahalagahan at gantimpala kaysa sa mga katulad na gawain sa iba pang mga araw. Kaya't marapat lamang na samantalain ng isang mananampalataya at pakinabangan ang mga kabutihan sa araw na ito sa pamamagitan ng pagsagawa ng mabubuting gawain na magpapalapit sa kanya sa Allah.